# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 72*

***“25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles.” (Mateo 5:35-36 KJV)***

Malinaw na sinalita ni Jesus dito ang tungkol sa tiyak na mga bagay na nararapat nating bayaran upang maging tama ang mga bagay. Sa katotohanan ang kailangan natin ibigay at gawing tama alinmang sa mga tao, o sa may kapangyarihan sa pamahalaan, o sa Dios mismo. Ngunit kapag tayo’y tumanggi na gawin iyon sa gayon ang kalagayan ay tataas sa ilang mga nasa pamahalaan na inilagay ng Dios upang harapin ang naturang maling asal at pag uugali. Gaya ng sinalita natin kanina ang mga may kapangyarihan na inilagay ng Dios ay ang mga magulang, ang mga amo sa iyong trabaho, ang mga namumuno sa simbahan at ang mga pinuno ng pamahalaan, at kapag ang mga awtoridad na ito ay hindi pinigilan ang mga gumagawa ng masama, kung gayo’y ang Dios mismo ang makikialam at magdadala ng parusa sa anyo ng mga salot (gaya ng COVID 19 ngayon), taggutom, natural na mga sakuna, mga bagyo, mga bulkan, pagbaha, digmaan, krisis sa ekonomiya, pandaigdigang pag urong, pandaigdigang pag iinit.

Sa ilang pagkakataon ang mga awtoridad na ito ay malupit sa pagpapatupad ng kaparusan upang pigilan ang mga nagkakasala at magbigay aral sa iba na huwag gawin ang katulad. Kaya kapag ang mga tao ay naging masama, sa gayon ang namamahalang ito ay mas magiging mapagdisiplina at magdadala pa ng higit na panukat ng karahasan upang pigilan ang paghihimagsik, gaya ng ating nakikita sa mga pamahalaan sa panahon ng kaguluhan, o sa pagharap sa mga nagkakasala, at sa pagpapatupad ng pangunahing parusa sa tiyak na mga krimen.

Magpapatuloy tayo na salitain sa mensaheng ito ang tungkol sa mga halimbawa sa Biblia kung paanong ang mga bagay ay matuwid sa Dios at sa tao:

***3. Ang tagubilin ng Dios na ibigay ang nararapat sa pamahalaan: “1 Ang bawa't kaluluwa ay pasakop sa matataas na kapangyarihan: sapagka't walang kapangyarihan na hindi mula sa Dios; at ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Dios. 2 Kaya nga't ang sumasalangsang sa kapangyarihan, ay sa utos ng Dios sumasalangsang: at ang mga nagsisalangsang ay magsisitanggap ng kahatulan sa kanilang sarili. 3 Sapagka't ang mga pinuno ay hindi kilabot sa gawang mabuti, kundi sa masama. At ibig mo bagang mawalaan ng takot sa may kapangyarihan? gawin mo ang mabuti, at magkakamit ka ng kapurihan sa kaniya: 4 Sapagka't siya'y ministro ng Dios sa ikagagaling mo. Datapuwa't kung ginagawa mo ang masama, ay matakot ka; sapagka't hindi walang kabuluhan ang pagdadala niya ng tabak: sapagka't siya'y ministro ng Dios, tagapaghiganti sa ikagagalit sa gumagawa ng masama.5 Kaya nga't dapat na kayo'y pasakop, hindi lamang dahil sa kagalitan, kundi naman dahil sa budhi. 6 Sapagka't dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis; sapagka't sila'y mga tagapangasiwa ng paglilingkod sa Dios, na nagsisipamahalang walang patid sa bagay na ito. 7 Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis sa dapat buwisan; ambag sa dapat ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan.” (Roma 13:1-7 KJV)***

***“1 Ang bawa't kaluluwa ay pasakop sa matataas na kapangyarihan: sapagka't walang kapangyarihan na hindi mula sa Dios; at ang mga kapangyarihang yao'y hinirang ng Dios.” (Roma 13:1 KJV)*** Ang bawat pamahalaan ng bawat bansa ay inilagay ng Dios upang pamahalaan ang mga tao at gawin ang mga bagay, at magbigay ng paglilingkod na nais ng Dios na gawin nila. Kaya naman sabi ng Salita ng Dios, ***“Ang bawa't kaluluwa ay pasakop sa matataas na kapangyarihan”***, dahil ang namumuno sa pamahalaan ay inilagay ng Dios, sa paggawa niyon tayo’y nagpapasakop sa Dios.

***“2 Kaya nga't ang sumasalangsang sa kapangyarihan, ay sa utos ng Dios sumasalangsang: at ang mga nagsisalangsang ay magsisitanggap ng kahatulan sa kanilang sarili.” (Roma 13:2 KJV)*** Kapag tumaggi tayong sumunod sa mga patakaran ng pamahalaan, sa gayon nilalabanan mo ang mga alintuntunin ng Dios, at iyon ay magdadala sa iyo ng kahatulan sa pamamagitan ng mga pamahalaang ito.

***“3 Sapagka't ang mga pinuno ay hindi kilabot sa gawang mabuti, kundi sa masama. At ibig mo bagang mawalaan ng takot sa may kapangyarihan? gawin mo ang mabuti, at magkakamit ka ng kapurihan sa kaniya” (Roma 3:3 KJV)*** Kung ang mga tao ay gagawa ang mabuti at susunod sa mga patakaran, at gawin ang tama hindi nila tatanggapin ang kilabot o kaguluhan mula sa pamahalaan. Ang parehong may kapangyarihan na gumawa ng kilabot sa iba, ay magbibigay papuri sa iyo bilang handa mong gawin ang mabuti. Kung ikaw ay magmamaneho nang maingat, sumusunod sa patakaran ng trapiko, hindi pagtawid sa pulang ilaw, at kung ikaw tatalima sa mga utos at ang mga gabay ng pamahalaan, nagbabayad ng mga bayarin at kung anong nararapat bayaran sa takdang oras, pagpapanibago ng iyong mga dokumento sa tamang panahon, walang ginagawang paglabag, sa gayon wala kang takot mula sa tao na nasa pamahalaan, ***“4 Sapagka't siya'y ministro ng Dios sa***

***ikagagaling mo. Datapuwa't kung ginagawa mo ang masama, ay matakot ka; sapagka't hindi walang kabuluhan ang pagdadala niya ng tabak: sapagka't siya'y ministro ng Dios, tagapaghiganti sa ikagagalit sa gumagawa ng masama." (Roma 13:4 KJV)*** Kapag nasunod ka sa mga patakaran, sa gayon ang mga patakaran ng pamahalaan at ang mga gobyerno ay maglilingkod sa iyo ng mabubuting bagay at pagpapalain ka ng Dios sa pamamagitan nila. Kung ano ang binabayaran mo, gagamitin ito para sa iyong serbisyo. Ngunit kapag gumawa ka ng masama, sa gayo'y kailangan mong matakot dahil ang gobyerno ay may tabak na hindi niya dala upang ipakita kundi lupigin ang mga gumagawa ng masama, ***"Sapagka't siya'y ministro ng Dios"***, siya ay lingkod ng Dios, ang Kanyang kamay at ang Kanyang paghihiganti ay upang dalhin at ipatupad ang poot ng Dios sa mga gumagawa ng masama, at ang mga lalabag sa mga patakaran. Kapag ang mga tao ay gumagawa ng masama, sa gayo'y gagawin ng Dios ang mga pamahalaan na mas malupit at mas kakaunti ang pagsasaalang alang upang labanan ang maling gawain ng mga tao. Minsan makikita mo ang ilang mga pamahalaan ay malupit sa mga tao, ang dahilan sa likod niyon ay ang mga tao ay nagiging mas masama at suwail sa Dios samakatuwid ang Panginoon ay itulak sila pababa gamit ang mga kapangyarihan ng pamahalaan na inilagay Niya sa lupa.

***"5 Kaya nga't dapat na kayo'y pasakop, hindi lamang dahil sa kagalitan, kundi naman dahil sa budhi." (Roma 13:5 KJV)*** Ang kailangan upang sumunod sa mga patakaran at magpasakop sa mga kapangyarihan ay sapilitan upang iwasan ang kanilang poot at parusa, at magkaroon ng malinis na budhi at malinis na isipan sa harapan ng Dios at ng mga tao.

***"6 Sapagka't dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis; sapagka't sila'y mga tagapangasiwa ng paglilingkod sa Dios, na nagsisipamahalang walang patid sa bagay na ito." (Roma 13:6 KJV)*** Dahil ginagawa nila ang lahat ng sumusunod na paglilingkod; pagpaparusa sa mga gumagawa ng masama at paggantimpala at papurihan ang mga gumagawa ng tama, at bantayan ang mga kaugnayan ng mga tao sa pagbibigay kaligtasan, mga pamamahala at iba pang serbisyo, sa gayon ay kailangan nilang bayaran para sa kanilang trabaho. Paano sila babayaran? Ang mga ito ay babayaran kapag nagbayad tayo ng ating mga buwis at ang mga bayarin sa paraan ng iba't ibang mga dokumento at pamamaraan. Ang kahulugan ng pagpupugay ay karangalan, papuri, at pagpupugay, tanda ng paggalang, pagpapahalaga, at pagkilala. Kaya kapag binabayaran natin ang gobyerno ay pinararangalan natin, pinupuri, binibigyang pugay, iginagalang, pinahahalagahan, at kinikilala ang mabuting gawain ng pamahalaan upang purihin tayo kapag gumawa tayo ng mabuti, upang parusahan tayo kapag gumawa tayo ng masama, at sa pagbibigay ng lahat ng kanilang iba't ibang serbisyo. Kaya naman nagbabayad tayo ng buwis, adwana, at ang paghahandog ng paglabag sa anyo ng multa, at mga parusa kapag lumabag tayo sa mga patakaran.

Mga halimbawa ng pagbabayad ng multa ay ang mga sumusunod:

***"35 At ibinigay ni Joacim ang pilak at ginto kay Faraon; nguni't kaniyang pinabuwis ang lupain upang magbigay ng salapi ayon sa utos ni Faraon; kaniyang siningil ang pilak at ginto ng bayan ng lupain, sa bawa't isa ayon sa ipinabuwis niya upang ibigay kay Faraon-nechao." (2 Hari 23:35 KJV)*** Narito si Haring Joakim ay pinilit ni Faraon ang Hari ng Egipto at binigyan siya ng salapi, ngunit sa kalaunan ay kinuha ni Joakim ang salaping iyon mula sa mga tao sa isang porsiyento na paraan sa pamamagitan ng buwis na ibinaba sa lahat ng mga tao. Ito ay nangyari nang ang bayan ng Dios ay nagkasala sa paglayo sa Dios at pagsamba sa mga dios diosan, kaya piniga sila ng Dios sa pmamagitan ng ibang bansa at pinilit na magbayad ng buwis. Ito ngayon ang kalagayan kapag ang bayan ng Dios ay hindi pinarangalan ang Dios at nagkasala laban sa Kanya, at sa pagpipigil ng kanilang mga ikapu, handog at unang sa bunga sa Kanya, pipilitin sila ng Panginoon sa sistema ng pagbubuwis, multa at mga parusa.

Dahil ang pagsuway ng bayan ng Dios ay nagpatuloy sa kanilang pagsamba sa dios diosan ang sistema ng pagbubuwis ay nagpatuloy maging hanggang sa panahon ni Jesus, ***"1 Nangyari nga nang mga araw na yaon na lumabas ang isang utos mula kay Augusto Cesar, na magpatala ang buong sanglibutan. 2 Ito ang unang talaang-mamamayan na ginawa nang si Quirinio ay gobernador sa Siria. 3 At nagsisiparoon ang lahat upang sila'y mangatala, bawa't isa sa kaniyang sariling bayan. 4 At si Jose naman ay umahon mula sa Galilea, mula sa bayan ng Nazaret, hanggang sa Judea, sa bayan ni David, na kung tawagi'y Bet-lehem, sapagka't siya'y sa angkan at sa lahi ni David; 5 Upang patala siya pati ni Maria, na magaasawa sa kaniya, na kasalukuyang kagampan." (Lucas 2:1-5 KJV)*** Si Jose at Maria ay tumalima sa sistema ng pagbubuwis at sumunod. Sila'y pinilit na maglakbay sa bayan ni Jose, sa Betlehem at nagbayad ng buwis doon. Tayo din ay kailangan sumunod sa sistema ng pagbubuwis dahil ipinahintulot ng Dios iyon upang disiplinahin ang Kanyang bayan na lumayo sa Kanya, at sa pagtupad sa Kanyang Salita: ***"7 Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis sa dapat buwisan; ambag sa dapat ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan." (Roma 13:7 KJV)***

Itinagubilin din ni Jesus na kailangan nating magbayad kung anong nararapat sa pamahalaan gaya ng ating babasahin sa susunod: ***"21 At kanilang tinanong siya, na sinasabi, Guro, nalalaman namin na ikaw ay nagsasabi at nagtuturo ng matuwid, at wala kang itinatanging tao, kundi itinuturo mo ang katotohanan ng daan ng Dios. 22 Matuwid bagang kami ay bumuwis kay Cesar, o hindi? 23 Datapuwa't napagkilala niya***

***ang kanilang lalang, at sinabi sa kanila, 24 Pagpakitaan ninyo ako ng isang denario. Kanino ang larawan at ang nasusulat dito? At sinabi nila, Kay Cesar. 25 At sinabi niya sa kanila, Kung gayo'y ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, at ang sa Dios ang sa Dios." (Lucas 20:21-25 KJV)*** Kaya kailangan nating ibigay ang nararapat sa Dios at kailangan nating ibigay ang nararapat sa pamahalaan.

***4. Hindi pagsunod at hindi pagbabayad kung anong nararapat sa atning mga panginoon at sa dako na ating trabaho: "22 Mga alipin, magsitalima kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan ng puso, na mangatakot sa Panginoon: 23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao; 24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo. 25 Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao." (Colosas 3:22-25 KJV)***

***"22 Mga alipin, magsitalima kayo sa lahat ng mga bagay sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon: hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao, kundi sa katapatan ng puso, na mangatakot sa Panginoon:" (Colosas 3:22 KJV)*** Dito ang mungkahi na sundin ang mga taong nakahihigit sa atin sa ating mga lugar ng trabaho, hindi lamang kapag ang kanilang paningin ay nakatuon sa atin at nagmamasid sa atin, kundi kahit wala sila kailangan nating panatilihin ang parehong antas ng tapat na tagumpay; dahil sa takot sa Dios kailangan nating maging matapat at totoo at marangal sa ating gawain. Ang ilan ay gumagawa ng mas mas mabuti sa harapan ng kanilang mga amo upang pasiyahin sila at gawin silang masaya para makatanggap ng lingap at mabuting papuri, ngunit sa kanilang likuran sila mas mas malala. Laging magtrabaho na parang sa Dios, at hindi sa tao, ang nagbabantay sa iyo at nagmamasid sa iyong ginagawa. Ang mga tao ay disiplinado sa harapan ng mga pulis ngunit sa kanilang likod sila ay suwail. Samakatuwid, kapag ang mga tao ay hindi pinarangalan ang alintuntuning iyon, kung gayon ang mga camera at radar ay ipinakilala sa lahat ng dako upang mahuli ang mga lumalabag.

***"23 Anomang inyong ginagawa, ay inyong gawin ng buong puso, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao;" (Colosas 3:23 KJV)*** Magtrabao ng buong mong puso gaya ng pagtatrabaho sa Panginoon at hindi sa tao. Gawin ang iyong pinakamahusay sa trabaho at sa bawat trabaho na iyong ginagawa. Ang mga tao ay maaring hindi maging tapat o mabuti, o maaring hindi ibinibigay ang iyong karapatan, ngunit kilangan mo pa ring gawin ang mabuti dahil ang lahat ay para sa Panginoon.

Bakit kailangan nating gawin ang mabuti sa ating trabaho na parang ginagawa natin para sa ating Dios? ***"24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo." (Colosas 3:24 KJV)*** Gagantimpalaan tayo ng Dios, kung hindi dito sa lupa, sa gayon sa Langit kapag nakarating tayo doon, sapagkat sa ating mabubuting gawa tayo ay naglilingkod sa Panginoon. Ang ilang mga tao sila nagtatrabaho lamang batay sa halaga ng kanilang sahod na tinatanggap nila. Iyon ay hindi tama, dahil sa ating trabaho tayo ay nagtatrabaho para sa Dios at gawin sa Kanya ang tiyak na serbisyo, at gagantimpalaan Niya tayo nang sagana kapag sumunod tayo sa Kanya.

***"25 Sapagka't ang gumagawa ng masama ay tatanggap ng ayon sa masama na kaniyang ginawa; at walang itinatanging mga tao." (Colosas 3:25 KJV)*** Nalalaman na kapag gumawa tayo ng masama sa gayon pagbabayarain natin sa Dios alinman direkta o hindi direkta sa pamamagitan ng mga kapangyarihan na inilagay ng Dios sa atin sa sanglibutan, mula sa mga amo ng ating trabaho o mula sa mga tanggapan ng pamahalaan.

Ang katulad mababasa natin sa mga taga Epeso, ***"5 Mga alipin, magsitalima kayo sa mga yaong ayon sa laman ay inyong mga panginoon, na may takot at panginginig, sa katapatan ng inyong puso, na gaya ng kay Cristo; 6 Hindi ang paglilingkod sa paningin, na gaya ng pagbibigay lugod sa mga tao; kundi bagkus gaya ng mga alipin ni Cristo, na ginagawa mula sa puso ang kalooban ng Dios; 7 Maglingkod na may mabuting kalooban, na gaya ng sa Panginoon, at hindi sa mga tao: 8 Yamang napagaalaman na anomang mabuting bagay na gawin ng bawa't isa, ay gayon din ang muling tatanggapin niya sa Panginoon, maging alipin o laya." (Epeso 6:5-8 KJV)*** * Sa maayos na paggawa sa ating lugar ng trabaho, sa gayo'y ginagawa natin ang kalooban ng Dios. Higit pa kailangan nating maging masunurin sa ating mga panginoon at sa kanilang mga tagubilin. Kailangan nating maging magalang sa kanila at huwag silang sagutin pabalik. * Matutong humingi ng paumanhin at sabihing sorry sa mga pagkakamali mo. Wag mo sabihin sa amo mo kung ayaw mo ako pauwiin mo ako. Ang trabaho na mayroon ka ay mula sa Dios at kapag nagsalita ka ng masasamang salita sa iyong amo sa gayon ay sinasagot mo ang Dios. * Ilagay din sa iyong isipan na ang mga panginooon ay may malaking pananagutan na ilagay ang mga bagay na magkakasama upang ang serbisyo ay matustusan at ang trabaho ay magpatuloy at matanggap ng kawani ang kanilang mga sahod sa tamang panahon.

***"9 Iaral mo sa mga alipin na sila'y pasakop sa kanikaniyang Panginoon, at kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga masagutin;" (Titus 2:9 KJV)*** Sa karagdaragan, ***"10 Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Dios na***

***ating Tagapagligtas." (Titus 2:10 KJV)*** * Ang Salitang 'Pandaraya', ang kahulugan nito ay ihiwalay o paghiwalayin ang lugar ng iyong trabaho para sa iyong pansariling gamit; na gagamitin ang lugar ng iyong trabaho, hindi gagamitin mo sa serbisyo kundi gamitin ito sa para sa iyong sariling kapakinabangan, upang kunin ang mga tao para magsilbi sa iyo, na makakuha ng mamimili, na makakuha ng komisyon, na magtaguyod ng iyong produkto, magsusulong ng iyong pansamatalang negosyo, atbp. * Katulad sa pandaraya at paggamit ng lugar ng trabaho ay pagnanakaw, sa pagkuha ng salapi at ibang mga bagay mula sa iyong panginooon at mula sa lugar na iyong trabaho, sa kawalan ng kanilang kalooban, kaalaman, pahintulot o pagsang ayon.
***"10 Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Dios na ating Tagapagligtas." (Titus 2:10 KJV)*** Kung iiwasan mo ang gayong masamang pag uugali at mga kasalanan, sa gayon maiituro mo sa kanila at ipakilala sa kanila at sa iba si Cristo at ang Kanyang Salita at sa tamang pamumuhay, sa pamamagitan ng iyong mabuting halimbawa, pagiging tapat, nagtatrabaho nang husto, tapat, hindi nagrereklamo, hindi oportunista, mabunga, at sa pamamagitan ng pagtatayo ng mabuting gawa, ng mabuting pag uugali, sa pamamagitan ng bunga ng Banal na Espiritu at sa pamamagitan ng mga panalangin na nagnanais na dumating ang mga pagpapala ng Dios sa lugar na iyong trabaho.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ilang taon na ikaw ay nanalangin para sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan? Ilan sa inyo ang nanalangin bagi simulan ang iyong trabaho? Ilan sa inyo ang nanalangin para sa iyong amo? Ilan sa inyo ang masigasig na maging isang mabuting halimbaa sa iba? Ilan sa inyo ay tutuk na ikaw ay maging isang pagpapala sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan at hindi lamang naghihintay para sa katapusan ng buan upang tanggapin ang iyong sahod? Gumawa sa mabuting paraan, masaya at sa mabuting saloobin tulad ng ating inilarawan upang ang iyong paggawa ay lubos na gagantimplaan: gumawa sa isang paraan na ituturo mo sa iba si Cristo: gumawa sa paraang pararangalan ng iba si Cristo at ang Kanyang Salita.
Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon at suriin ang ating sarili sa Salita ng Dios at tingnan natin kung tayo'y lumalakad sa mga daan ng Dios, o kung tayo'y nasa masamang daan at sa panganib ng kahatulan ng Dios. Tayo ay magsisi sa ating maling ginawa, makipagkasundo tayo sa Dios at makipagpayaan sa Kanya sa pagbibigay kung anong nararapat sa tao, sa pamahalaan, at sa mga tao. Ipangako natin ang ating sarili na susundin ang mga patakaran ng pamahalaan at babayaran ang anumang nararapat nating bayaran. Iwasan natin ang kasamaaan at agad ituwid ang ating maling ginawa at gawin ang tama upang maiwasan ang darating na paghuhukom ng Dios at gawing posible ang ating kaligtasan nang may takot at panginginig.

Magpakumbaba tayo sa paglakad sa Dios at ganapin ang Kanyang Salita upang kapag si Jesus ay pumarito kukunin Niya tayo kasama Niya. At habang tayo'y naghihintay kay Cristo na pumarito gawin nating kung ano ang matuwid at tama upang makuha tayo sa rapture upang salubungin ang Panginoon sa alapaap.

Nang sinabi Niya, ***"24 Yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesucristo." (Colosas 3:24 KJV)*** Ang ating mana sa Langit, sa gayo'y kung namumuhay tayo para kay Cristo at pangasiwaan ang ating mga gawain sa tamang paraan, nakatitiyak tayo sa ating kaligtasan at ang lugar sa Langit, ang walang hanggang mana na inihanda ni Jesus para sa atin. Sa lupa tayo ay mga lingkod ng iba, ngunit may gantimpala tayo, ang walang hanggang buhay mula sa Dios ang ating Ama sa Langit, sa pamamagitan ng dugo ni Jesus na ating Panginoon. Ating patawarin ngayon ang mga nanakit sa atin at ang mga kumuha na nararapat sa atin dahil batid natin na mayroong gantimpala tayo mula sa Dios na nag iingat sa Langit para sa atin. Patuloy tayong gumawa ng mabuti at huwag hayaang may anumang bagay na mag alis ng karapatan sa atin sa gantimpala, batid na ang ating pagpapagal sa Panginoon ay hindi mawawalang kabuluhan.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit s aiyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong Salita na malinaw na ipinakita sa akin kung paanong kumilos at tuparin ang aking mga gawain sa iyo, sa lugar na aking trabaho at sa mga tanggapan at sa paglilingkod ng pamahalaan at ng kanilang mga patakaran.*

*Ipagtapat ngayon ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat ng iyong masamang gawain. Talikuran ang pagsuway at ang iyong kakulangan ng pangako tungo sa Dios at sa Kanyang Salita, ang iyong pagsuway sa mga patakaran at batas ng pamahalaan, ang iyong kawalang kahandaan na bayaran ang nararapat sa Dios ar sa tao, ang iyong masamang pag uugali sa lugar ng iyong pinagtatrabahuhan at patungo sa mga nakahihigit sa iyo. Panginoon ipinagtapat at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan* ________________________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga tagubilin na aking tinanggap ngayon mula sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ibigay ang nararapat mula sa ikapu, mga handog at unang bunga at bayaran ang nararapat sa pamahalaan mula sa buwis, multa at parusa. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sumunod sa mga patakaran at tuntunin ng pamahalaan at ang mga nasa kapangyarihan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maging isang mabuting halimbaa sa lugar na aking pinagtatrabahuhan at masigasig nalalaman na ikaw ay nakatingin sa akin at gagantimpalaan mo ako.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi at binago ang kanilang mga daan; Panginoon gamitin ang kanilang buhay at ang kanilang mabubuting halimbawa na makilala at sundin ka ng iba. Panginoon dalangin ko para sa kanila na poprotektahan mo sila, tustusan sila at matugunan ang kanilang pangangailangan upang patuloy silang yumaon at maglingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain.*

*Panginoon tulungan kami bilang isang simbahan na patuloy ituro ang iyong Salita at ang iyong mga utos. Panginonn idagdag mo sa amin ang matatapat na manggagawa na handing paglingkuran ka at itakda ang kanilang buhay para sa iyo. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at manguna ka sa amin, at tulungan kaming mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa upang ang iyong pangalan ay maluwalhati at maganap ang iyong kalooban sa aming kalagitnaan. Panginoon tupdin ang iyong pananaw sa iyong simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Part 72. Bayaran ang iyong mga pagkakasala Mateo 5:25-26. Mga Taga Roma 13:1-7. 2 Hari 23:35. Lucas 2:1-5. Lucas 20:21-25. Mga Taga Colosas 3:22-25. Mga Taga Efeso 6:5-8. Tito 2:9-10.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com